



Allah

Pagkatapos ng napakagandang mensahe patungkol sa mga babae sa Islam, nagsimulang harapin ng mahusay na tagapagsalita ang mga katanungan. Sa mga tagapakinig ay may nagtatawanan, naghahabol ng kanilang hininga at pinupunasan ang kanilang mga luha na para bang may palabas. Ngunit ang sagot nya sa huling katanungan na “Bakit ka nagsusuot ng belo?” ang matagal na dadalhin ng mga tagapakinig kapag sila’y umalis na. Simple lang ang kanyang sagot pero epektibo: “Dahil naniniwala ako na ito ang nais ng Diyos na gawin ko”. At ang nagpaganda pa sa sagot sa katanungang ito ay ang syang sumasagot. Sa harap ng mga may matatalas na pagiisip, kilala sa maingat at kritikal na pagtitimbang ng bawat salita at kaisipan. Sya naman sa kanyang paaralang medikal ay nanguna sa klase; sya ngayon ay nangunguna sa kanyang larangan sa panggagamot. Sa madaling salita, ang babaeng ito ay hindi basta-basta. Marami syang magagamit na kaisipan kapag kinakailangan. Ang prinisipyong gumagabay sa kanyang buhay ay ang kanyang di mayayanig na panniniwala na mayroong lumikha sa kanya at ang kanyang koneksyon sa kanya.

Karamihan ng patakaran at ritwal sa Islam ay may kabuluhan at maaaring ipaliwanag ng may pangangatwiran, tulad ng pagbabawal sa alak, sugal, at iba pang mga bisyo. Ngunit ang maguudyok sa bawat gawaing pagsamba –ang kategoryang mas malalim pa kaysa sa iniisip ng iba- ay isa: ang Allah. Sa panahon na kung saan tinatangi ang paniniwala sa tagapaglikha mula sa usaping siyensya, ang mga Muslim ay patuloy na inihahayag, hindi lang ang pagkakaroon ng Diyos kundi bawat kanilang ginagawa ay para sa kanya. Ang Allah ay nagwika sa Qur’an: *“pumupuri sa Kanya ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, at Siya ay ‘Al-`Azeez’ – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na matindi ang Kanyang paghihiganti sa mga kumakalaban sa Kanya, na ‘Al-Hakeem’ – ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.”* (59:24).